Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION

DEPARTMENT OF EDUCATION - NCR
RELEASED
RECORDS SECTION DEPED NCR
JUN 23 2023
BY: DATE:

Advisory No. 231, s. 2023
June 22, 2023
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
This Advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

**KWF DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2023**

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magkakaroon ng mataas na pagkilala sa mga indibidwal, samahan, tanggapan, institusyon o ahensiyang pampamahalaan o pribadong sektor na may natatanging ambag at nagawa tungo sa pagsulong.

Ihanda ang sumusunod na kompletong dokumento para sa nominasyon:

a. KWF Pormularyo ng Nominasyon
b. Liham Nominasyon
c. Curriculum Vitae
d. Mga pruweba sa Katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino at/o alinmang katutubong wika sa bansa

Ipadala ang nominasyon sa:

Lupon sa Dangal ng Wikang Filipino 2023
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusaling Watson,1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Lungsod ng Maynila

Ang huling araw ng pagpapasa ng nominasyon ay sa 27 Hunyo,2023, 5:00nh.

Para sa karagdagang detalye, mangyaring mag-text o tumawag sa 0928-844-1349,0 magpadala sa email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.

Encl.: As stated

## KWF DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2023

### MGA TUNTUNIN

1. Ang **Dangal ng Wikang Filipino** ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal, samahán, tanggápan, institusyon, o ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino.
2. Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal—laláki man o babae—samahán, tanggápan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapapagalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino sa ibá't ibáng larang at/o disiplina.
3. Pára sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taón. Pára sa mga samahán, tanggápan, ahensiyang pampamahalaán, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababâ sa limáng (5) taón.
4. Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino sa ibá't ibáng larang at disiplina. (Kinakailangang ilakip sa nominasyon bílang pruweba).
5. Ang mga nominado ay marapat na manggaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat mulâ sa labas ng KWF.
6. Pára sa **nominasyon,** ihanda ang sumusunod na kompletong dokumento:
7. **KWF Pormularyo ng Nominasyon;**
8. **Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan ng nagnomina;**
9. **Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán); at**
10. **Mga pruweba sa katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino at/o alinmang katutubong wika sa bansa.**
11. Ilagay sa isa o higit pang long brown envelop ang mga tinukoy sa bilang 6 at ipadala sa adres na násа ibaba:

    **Lupon sa Dangal ng Wikang Filipino 2023**
    Komisyon sa Wikang Filipino
    2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
    San Miguel, Lungsod Maynila

12. Ang hulíng araw ng pagpapása ng nominasyon ay sa **27 HUNYO 2023, 5:00 nh.**
13. Ang tatanghaling Dangal ng Wikang Filipino 2023 ay tatanggap ng naturang gawad sa **Pasidëngëg** sa **31 Agosto 2023.**
14. Pára sa ibá pang detalye, mangyaring tumawag o mag-text sa 0928-844-1349, o magpadalá ng email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.

# DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2023

*Bukás na para sa nominasyon!*

Ang Dangal ng Wikang Filipino ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal, samahán, tanggápan, institusyon, o ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pag-papayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino.

Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal—laláki man o babae samahán, tanggápan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambago nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapagalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang larang at/o disiplina.

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
www.kwf.gov.ph
komfil@kwf.gov.ph